Mga Impormasyon Tungkol sa Gamot

DELAVIRDINE (Rescriptor)

Huling binago noong September 2003

Bakit ako pinaiinom ng Delavirdine?

- Ang Delavirdine (tinatawag ding Rescriptor) ay isa sa mga gamot na iniinom laban sa HIV infection.
- Hinaharang ng Delavirdine ang protinang "Reverse Transcriptase", kaya ito ay kasama sa pangkat ng mga gamot na tinatawag na "Reverse Transcriptase Inhibitors" (RTI). Kailangan ng HIV virus ang protinang ito upang magparami. Upang mapabagal ang paglala ng HIV infection, kailangang pigilin ang protinang ito.
- Ang pag-inom nito ay makababawas ng HIV virus sa katawan mo. Maiiwasan ang pagkakaroon ng AIDS-related na mga sakit, mapananatiling malusog ka nang mas matagal na panahon, at mababawasan ang pagkasira ng iyong immune system.

Paano iniinom ang gamot na ito?

- Ang Delavirdine ay nasa 100mg na tabletas. Ang kadalasang pag-inom nito ay 400 mg (apat na tabletas) tatlong beses sa maghapon. Maaari itong nguyain o tunawin sa isang basong tubig.
- Maaaring inumin ito nang mayroon o walang laman ang tiyan..
- Ang DDI ay dapat itabi sa room temperature. Panatilihing laging tuyo.
- Itabi sa isang lugar na hindi maaabot ng mga bata.

Paano kung malimutan ko itong inumin?

- Inumin ito kaagad sa sandaling maalala mo. Kung ang susunod na inom ay sa loob ng dalawang oras, sundin na lamang ang schedule. Huwag dodoblehin ang inom.
- Napatunayan sa mga recent studies na upang umepekto ang mga gamot laban sa HIV kailangang regular ang pag-inom nito. Kung hindi, maaaring mawala ang bisa ng mga gamot, at ang virus ay maaaring mag-iba at maging resistant.

Anu-ano ang mga side effects ng Delavirdine?

- Ang pinakamalubhang side effects ng Delavirdine ay skin rash na kadalasang lumilitaw makaraan ang apat na linggong pag-inom nito.
  - Kung ang skin rash ay hindi malala, subukang gamutin ito. Maaaring ang katawan mo ay masanay sa pag-inom ng Delavirdine.
  - Kung ang skin rash ay malala, may kasamang lagnat, at pagsusugat ng bibig, pananakit ng mga kalamnan at kasu-kasuan, pamamaga at pamumula ng mga mata, itigil ang gamot at kumunsulta agad sa doktor o parmasyutika.
- Ang mga iba pang side effects ng Delavirdine:
  - Pananakit ng ulo
  - Pananakit ng tiyan, pagtatae, pagduduwal, pagsusuka
  - Pagkapagod
- Kung nakakaranas ka ng mga side effects na ito, kumunsulta sa iyong doktor. Huwag ititigil

ang gamot hangga't hindi kumukunsulta sa doktor o parmasyutika. Maaaring mayroon silang maimumungkahi at magagawang paraan nang hindi ititigil ang gamot.

Puwede bang inumin ang Delavirdine kasabay ng ibang gamot?

- Ang Delavirdine ay maaaring mag-interact sa ibang gamot. Mahalagang ipaalam sa doktor o parmasyutika kung anu-anong gamot ang iniinom mo (gayundin ang mga vitamins at herbs).
- Kung imiinom ka ng Delavirdine, iwasan ang pag-inom ng Hismanal (Astemizole), Seldane (Ternefadine), Cisapride (Prepulsid) at Rifampin.
- Naaapektuhan ng Delavirdine ang blood levels ng mga "Protease Inhibitors" tulad ng Saquinavir (Fortovase at Invirase), Indinavir (Crixivan), Ritonavir (Norvir), Nelfinavir (Viracept), Lopinavir (Kaletra), Amprenavir (Agenerase). Kung imiinom ka ng Delavirdine kahalo ng alinman sa mga gamot na ito, kailangang i-adjust ang dosage ng Delavirdine.
- Kung umiinom ka ng DDI, o gumagamit ng mga antacids tulad ng Tums, Rolaids o Maalox, magpalampas ng isang oras bago uminom ng Delavirdine.

Puwede bang inumin ang Delavirdine nang may alak o street drugs?

- Ipinapayo sa kalahatan na iwasan ang labis na pag-inom ng alak o paggamit ng street drugs habang umiinom ng mga gamot na laban sa HIV.
- Ang alak ay maaaring mag-interact sa mga gamot mo. Huwag palalampasin ang pag-inom ng gamot dahil gusto mong uminom ng alak.
- Ang delavirdine ay maaaring magkaroon ng reaksyon sa mga street drugs. Kumunsulta sa doktor o parmasyutika kung gumagamit ka ng mga street drugs upang mapayuhan ka tungkol sa mga nararapat na pag-iingat.

Puwede ba akong uminom ng Delavirdine kung ako ay buntis o nagpapasuso?

- Ikonsulta sa doktor ang pag-inom ng Delavirdine kung ikaw ay buntis.
- Ang HIV ay maaaring masalin mula sa gatas ng ina, kung kaya ang ipinapayo sa mga babaeng may HIV ay huwag magpapasuso sa kanilang sanggol.

Anu-ano pa ang dapat kong malaman at pag-ingatan kung imiinom ng Delavirdine?

- Ang Delavirdine ay maaaring makaapekto sa iyong atay (liver).
- Regular na kumunsulta sa doktor at magpa-blood test upang matingnan kung maayos ang iyong atay (liver).
- Tiyaking mayroon kang tuluy-tuloy na supply ng gamot.
- Ang Delavirdine ay hindi pumapatay sa virus o nagpapagaling sa AIDS. Hindi rin nito pinipigil ang pagsasalin ng HIV. Laging mag-ingat kung nakikipag-sex ka (gumamit ng kondom), o nagdudurog (gumamit ng malinis na karayom).

Copyright @ACAS 2001 & 2003. This fact sheet is produced by ACAS (Asian Community AIDS Services) and is available in English, Chinese (Traditional and Simplified), Tagalog and Vietnamese. Funding for this project is provided by the Ontario HIV Treatment Network (OHTN) and Health Canada. Copies can be downloaded at : www.acas.org/treatment. ACAS provides comprehensive support and case management services for Asian people living with HIV/AIDS; and HIV/AIDS prevention education to the east and southeast Asian Canadian populations in the Greater Toronto Area. ACAS is located at 33 Isabella Street, Suite 107, Toronto, Ontario M4Y 2P7. Tel: (416)-963-4300, Fax: (416)-963-4371 Email: support@acas.org

Legal Disclaimer: While we make every attempt to ensure the accuracy and reliability of information contained in this website/ fact sheet, the information provided here are designed for reference purposes only. These information should not be relied upon as a substitute for medical advice from a qualified professional health care provider and should not be used for diagnosing or treating a condition or illness. Please consult a physician if you have any concerns about your health, treatment regimen and questions related to HIV/AIDS. ACAS, its employees and board members will not be responsible for any loss or harm, however arising, from the use of, or reliance on this information.